**LESSON 3: PAGMIMISYON**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Bigkasin ang Memory Verse**

**Mga Tanong:**

1. Ano ang nakakahadlang s aiyo upang ituro ang Lesson 1? Ano ang solusyon mo dito?
2. Gaano mo kamahal ang Salita ng Diyos?
3. Anong pagbabago sa buhay mo ang maaari mong ibahagi sa grupo?
4. Anong lugar sa Pilipinas ang gusto mong pag-misyonan? Bakit?

TALAKAYAN:

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata:

1. **Marcos 1:17-18 ASND**
   Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao." Iniwan nila agad ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

2. **Juan 4:35-38 ASND**
   Hindi ba sinasabi n'yo na apat na buwan pa bago ang anihan? Ngunit sinasabi ko sa inyo, anihan na. Tingnan n'yo ang mga taong dumarating, para silang mga pananim sa bukid na hinog na at pwede nang anihin! Kayong mga tagapag-ani ay tatanggap ng gantimpala mula sa Dios. At ang mga taong inaani ninyo ay bibigyan niya ng buhay na walang hanggan. Kaya magkasamang matutuwa ang nagtanim ng salita ng Dios at ang nag-ani. Totoo ang kasabihang, 'Iba ang nagtatanim at iba rin ang umaani.' Sinugo ko kayo upang anihin ang hindi ninyo itinanim. Iba ang nagtanim ng salita ng Dios, at kayo ang umaani ng kanilang pinaghirapan."

3. **Lucas 10:1-3 ASND**
   Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng 72 tagasunod, at sinugo ang mga ito nang dala-dalawa sa mga bayan at sa iba pang mga lugar na pupuntahan niya. Sinabi niya sa kanila, "Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani. Sige, lumakad na kayo. Ngunit mag-ingat kayo, dahil tulad kayo ng mga tupang isinugo ko sa mga lobo.
4. **Mateo 28:19-20 ASND**
   Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."

5. **Marcos 16:15-18 ASND**
   Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa kanila, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ninyo ang Magandang Balita sa lahat ng tao. Ang lahat ng sasampalataya at magpapabautismo ay maliligtas, ngunit ang hindi sasampalataya ay parurusahan. At ito ang mga palatandaang makikita sa mga taong sumasampalataya sa akin: sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, magpapalayas sila ng masasamang espiritu; magsasalita sila sa ibang mga wika; kung dumampot man sila ng mga ahas o makainom ng anumang lason ay hindi sila mapapahamak; at gagaling ang mga may sakit na papatungan nila ng kanilang mga kamay."

6. **Gawa 1:8 ASND**
   Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."

7. **Gawa 4:29-31 ASND**
   At ngayon, Panginoon, pinagbabantaan nila kami. Tulungan n'yo kami na inyong mga lingkod na maging matapang sa pangangaral ng inyong salita. Ipakita n'yo ang inyong kapangyarihan. Loobin n'yo na sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus na inyong banal na lingkod ay mapagaling namin ang mga may sakit at makagawa kami ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay." Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang bahay na kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at buong tapang na nangaral ng salita ng Dios.

8. **Gawa 8:5-8 ASND**
   Isa sa mga mananampalataya ay si Felipe. Pumunta siya sa isang lungsod ng Samaria at nangaral sa mga tao tungkol kay Cristo. Nang marinig ng mga tao ang mga sinabi ni Felipe at makita ang mga himalang ginawa niya, nakinig sila nang mabuti sa kanya. Maraming taong may masasamang espiritu ang pinagaling niya. Sumisigaw nang malakas ang masasamang espiritu habang lumalabas sa mga tao. Marami ring paralitiko at mga pilay ang gumaling. Kaya masayang-masaya ang mga tao sa lungsod na iyon.

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang pagmimisyon ay isang kautusan ng Panginoong Hesus, at bilang utos ito ay dapat sundin.
2. Ang aanihing mga tao ay marami kung kaya't kailangan din ng maraming mag-aani. Dapat ay ipanalangin ang mga mang-aani na tumugon sa panawagan upang hindi masayang ang mga aanihin.
3. Tayong mga Kristiyano ay inihalintulad sa isang magsasaka at sa mangingisda. Inaasahan na tayo ay marunong magtanim, mag-alaga at umani ng tanim, gayundin ay dapat marunong tayong mangisda.
4. Kailangan matuto tayong manalangin sa mga may sakit at magpalayas ng demonio sa tao bilang bahagi ng ating pagmimisyon.
5. Ang pagmimisyon o pag-eebanghelyo ay walang pinipiling tao, lahat ay maaaring abutin ng Panginoon sa pamamagitan natin.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Magsulat ng 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo na nais mong ibahagi ang Kaligtasan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.

b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magpamigay ng 20-30 Gospel tracts (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Siguraduhin na may 3 disipulo o higit pa na mababahaginan ng mga Lesson.
e. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Mateo 28:19-20 / Marcos 1:17-18

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Lucas 10:1-3)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.